# ANG MEDIA AT TAO

*by:*
**Jamaica T. Pangilinan**

Isang boto sa para sa kinabukasan ng bayan ko.

Bawat boto ay mahalaga , kandidato'y pakapiliin, huwag pasisilaw sa ano mang halaga, sa tamis at mga salitang mabubulaklak ng mga kandidato , palaging sinasabi na ang dahilan ng kanilang pagtakbo ay para sa ika-uunlad ng bayan .ikauunlad nga ba ng bayan? O para madagdagan ang kaniyang koneksyon at kayamanan? Sa mga ganitong panahon kandidato makikita kahit saan man ,sasalubungin ka ng may ngito sa mga labi . aabutin ang iyong kamay kasabay ng mga salitang huwag kalimutang bilugan ang kaniyang pangalan sa araw ng halalan. Hindi naman lahat ng politiko ay masasabing trapo at manloloko , tiyak ko at naniniwala ako, marami pa ding mga tao ang masasabing tapat at totoo ngunit ang alaala ko lamang ay kapag nakaluklok na sa pwesto ay maiba na ang kaniyang prinsipyo at makalimutan na ang talagang hangarin kaya siya tumakbo. Mayroon nga tayong kasabihan. Hindi naman masama ang pagbabago, ngunit paano kapag eto ay nagging negatibo at maaring makaapekto maging sa maraming tao. Sabi nga ng aking paboritong superhero, Superman ang kaniyang pangalan "great power comes with great responsibilities".

Batid ko na ito lamang ay aking sariling pagkuro mula sa aking obserbasyon sa ang paligid, mula sa iba't ibang uri ng media maging iyan ay sa anyo ng print media na kadalasang ating nababasa sa broadsheets maging sa tabloid man. Hindi makaiilang napakalaki din ng impluwensya sa atin ng Mass media, telebisyon na ating kasakasama mula pagmulat ng mga mata , kasama sa tanghalian at kasabay ng mata at bibig habang naghahain at sama samang kumakain hanggang sa gabi bago ipikit ang ating mga mata at ipahinga at ating mga katawan sa kama. Masasabing kapwa malaki ang impluwensya

ng print at mass media . Higit siguro ang ikatlo, ang Social media. Tila naging parte na ng ating pangangailangan at kulang na ang iyong buhay kung hindi mo hawak ang iyong telepono.

*References:*

Sariling pagkuro at karanasan ng may- akda
The Effects of Media Exposure to Political Information and Interpersonal Political Communication on Political Participation: A Cross-Income Group Differential Study of Filipino Youth in Metro Manila - iskomunidad

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan